



Ano ang Essential Plan?

Isang plan sa kalusugan para sa lahat ng taga-New York. Lubos na mas mura ito kumpara sa ibang plan sa kalusugan. At nag-aalok ito ng parehong mahahalagang benepisyo.

Sinong makakabili nito?

Mga taong may mababang kita na hindi kwalipikado para sa Medicaid o Child Health Plus.

Dami ng tao sa sambahayan	Pinakamataas na kita
1	\$25,520
2	\$34,480
3	\$43,440
4	\$52,400

Magkano ito?

Ito ay \$20 kada buwan para sa bawat tao – mas mababa sa isang dolyar kada araw o **WALANG BAYAD**.

Paano pa ako natutulungan nito na makatipid ng pera?

WALA ITONG DEDUCTIBLE (halagang dapat bayaran bago magbayad ang insurance), kaya binabayaran agad ng plan ang iyong pangangalagang pangkalusugan.

Makakakuha ka ng **LIBRENG PANGANGALAGA NA PANG-IWAS SA SAKIT** tulad ng regular na pagsusuri ng doktor at mga screening para panatilihin kang malusog.

Ano ang sinasakop ng Essential Plan?

Mga parehong serbisyong sinasakop ng ibang plan, kabilang ang:

- mga pagpapatingin sa doktor, kabilang ang mga espesyalista
- mga pagsusuring iniutos ng iyong doktor
- mga inireresetang gamot
- mga inpatient at outpatient na pangangalaga sa ospital
- at marami pa.

Paano ako mag-e-enroll?

-  nystateofhealth.ny.gov
-  1-855-355-5777
- TTY: 1-800-662-1220
-  Sa pamamagitan ng libreng personal na tulong mula sa taong may sertipikasyon para tumulong malapit sa iyang tahanan

Maaari mo ba akong matulungan gamit ang aking wika?

**Makakakuha ng tulong na nasa
iyong wika sa pamamagitan ng
telepono o nang personal.**

Kailan ako maaaring mag-enroll?

Bukas buong taon ang pag-enroll para sa Essential Plan.

Sumusunod ang NY State of Health sa lahat ng naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, pinaniniwalaan/ relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan at/o paghihiganti bilang isang biktima ng karahasan sa tahanan.